

## Paano Makatutulong ang Aming VSU sa mga Nakaligtas sa Krimen?

Ang Yunit ng Serbisyo sa mga Biktima (Victims' Services Unit, VSU) ng Kagawaran ng Katarungan ng California ay nakatuon sa paglilingkod at pagbibigay-kakayahan sa mga biktima/nakaligtas at kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng pag-uugnay sa kanila sa mga angkop at naaayon na mapagkukunan.

Alinsunod sa AB 60, in-update ng Kagawaran ng Katarungan ng California ang kanilang Marsy's Rights and Resource Card upang magbigay ng impormasyon tungkol sa katarungang nagpapanumbalik.

## Mga Mapagkukunan

Kabilang sa mga publikasyon ng VSU para sa mga biktima at mga ahensyang nagbibigay ng suporta ang:

- Brochure ng mga Serbisyo para sa mga Biktima
- Marsy's Card
- Native American Marsy's Card
- Mga Apela at mga Karapatan ng Biktima
- Gabay para sa mga Nakaligtas sa Sekswal na Pang-aabuso

Ang mga materyal na ito at iba pang impormasyon tungkol sa VSU ay makukuha sa nakaimprentang kopya at online sa: *oag.ca.gov/victimservices/resources.*

Maaaring tulungan ng VSU ang mga biktima ng krimen sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon at mga mapagkukunan tungkol sa mga programa ng katarungang nagpapanumbalik at sa mga karapatan ng mga biktima sa ilalim ng Marsy's Law. Tumawag o sumulat sa amin sa:

---


**California Department of Justice**
**Victims' Services Unit**

**1300 I Street**
**P.O. Box 944255**
**Sacramento, CA 95814**

**(877) 433-9069 (Libreng tawag)**

**oag.ca.gov/victimservices/contact**


---

Para sa pinakabagong mga mapagkukunan tungkol
sa katarungang nagpapanumbalik, bisitahin ang aming webpage

**OAG.CA.GOV/VICTIMSERVICES/AB60**

C A L I F O R N I A

DEPARTMENT OF JUSTICE

YUNIT NG SERBISYO SA MGA BIKTIMA



# Katarungang Nagpapanumbalik

Assembly Bill (AB) 60

## Ano ang AB 60?

- Ang Assembly Bill (AB) 60, na nilagdaan upang maging batas noong Oktubre 2023, ay nagbibigay sa biktima/nakaligtas sa krimen ng karapatang maabisuhan sa lalong madaling panahon at nang madalas hangga't maaari tungkol sa pagkakaroon ng mga programa at proseso ng katarungang nagpapanumbalik na nakabatay sa komunidad.
- Maaaring isagawa ang mga programa ng katarungang nagpapanumbalik sa komunidad, mga kulungan ng county, mga pasilidad ng detensyon para sa mga kabataan, at sa California Department of Corrections and Rehabilitation (Kagawaran para sa Pagwawasto at Rehabilitasyon ng California, CDCR).
- Boluntaryo ang paglahok sa mga programa o proseso ng katarungang nagpapanumbalik para sa lahat ng panig.

## Ano ang Katarungang Nagpapanumbalik?

- Ang katarungang nagpapanumbalik ay isang prosesong naglalayong maibsan ang pinsalang naidulot ng isang indibidwal o grupo.
- Sa prosesong ito, maaaring ibahagi ng biktima/nakaligtas sa taong nagdulot ng pinsala ang naging epekto ng pinsala at magtanong sa taong iyon.
- Maaari nitong hikayatin ang (mga) taong nagdulot ng pinsala na panagutan ang kanilang mga ginawa.
- Ang katarungang nagpapanumbalik ay isang gawaing nakabatay sa komunidad na nag-ugat at nabuo mula sa mga katutubong kasanayan.



## Ano ang mga Halimbawa ng Katarungang Nagpapanumbalik?

May iba't ibang uri ng mga gawain sa katarungang nagpapanumbalik. Maaaring kabilang sa mga available na opsyon ang mga sumusunod:

### Victim Offender Dialogue (Diyalogo sa Pagitan ng Biktima at Taong Nagdulot ng Pinsala, VOD)

Kinabibilangang ng prosesong ito ang isang sinanay at walang kinikilingang tagapamagitan na namamahala sa isang boluntaryo at kumpidensiyal na pagpupulong sa pagitan ng biktima/nakaligtas at ng (mga) taong nagdulot ng pinsala. Sa prosesong ito, maaaring ibahagi ng biktima/nakaligtas ang naging epekto ng krimen, magtanong, at makipag-usap sa (mga) taong nagdulot ng pinsala.

### Mga Healing Circle

Isa itong organisado at pinangangasiwaang proseso na naghihikayat ng pag-uusap sa loob ng grupo. Maaaring kabilang dito ang pagbabahagi ng biktima/nakaligtas ng kanyang karanasan at ng naging epekto ng pinsalang natamo sa isang grupo ng iba pang mga nakaligtas at mga miyembro ng komunidad. Maaaring magresulta ito sa pagkakaroon ng suporta, pagpapatibay ng ugnayan sa komunidad, at pagbuo ng sama-samang mga solusyon sa mga kasalukuyang isyu.

### Victim Impact Panel (Panel sa Epekto sa Biktima, VIP) o Surrogate Dialogue (Diyalogo sa Kapalit na Panig)

Isa itong organisado at pinangangasiwaang proseso kung saan kusang-loob na ibinabahagi ng mga nakaligtas ang naging epekto ng pinsalang kanilang naranasan sa isang grupo ng mga taong nagdulot ng pinsala at nahatulan na ng krimen. Layunin ng panel na hikayatin ang pagbabago ng pag-uugali upang maiwasan ang muling pagdudulot ng pinsala, maunawaan ang epekto ng kanilang mga ginawa, at malinang ang empatiya.

## Kailan Isinasagawa ang Katarungang Nagpapanumbalik?

- Karaniwang isinasagawa ang katarungang nagpapanumbalik bago maghain ng mga kasong kriminal o pagkatapos ng paghatol sa kaso.
- Maaaring hindi available sa iyo ang katarungang nagpapanumbalik habang ang iyong kaso ay nasa yugto ng pagdinig bago ang paglilitis o ng paglilitis.

## Ano ang Dapat Hanapin sa Isang Programa ng Katarungang Nagpapanumbalik

Ang paglahok sa isang programa ng katarungang nagpapanumbalik ay boluntaryo, kumpidensiyal, walang bayad, at nakasentro sa pangangailangan ng biktima. Kung interesado ka sa isang programa ng katarungang nagpapanumbalik, narito ang ilang bagay na dapat mong isaalang-alang upang matukoy kung angkop ito para sa iyo:

- Nakasentro ang mga serbisyo sa mga nakaligtas at isinasaalang-alang ang epekto ng trauma
- May mga pamamaraan at kasanayan upang makatulong na mabawasan o maiwasan ang muling pagdanas ng trauma
- May ibinibigay na suporta sa buong proseso, kabilang ang regular na pakikipag-ugnayan at pangangamusta
- May mga pamamaraan upang matiyak ang pisikal at emosyonal na kaligtasan ng lahat ng sangkot
- Paggalang sa dignidad ng lahat ng sangkot
- May mga sinanay na kawani upang magbigay ng suporta at mangasiwa sa pag-uusap
- May kalayaan kang magbago ng isip at tapusin ang iyong paglahok anumang oras
- Kumpidensiyal at walang bayad ang mga serbisyo

Bukod pa rito, kung pipiliin mong makipagkita sa (mga) taong kasalukuyang nakakulong na nagdulot ng pinsala, itanong kung sasagutin ng ahensya ang iyong mga gastusin sa paglalakbay.

## Paano Makakahanap ng Programa ng Katarungang Nagpapanumbalik sa Iyong Lugar

Para sa tulong sa paghahanap ng programa ng Katarungang Nagpapanumbalik sa iyong lugar, makipag-ugnayan sa VSU sa pamamagitan ng telepono sa (877) 433-9069 o online sa *oag.ca.gov/victimservices/contact*.